



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California  
Libreng tawag (800) 776-5746*

# PETISYON PARA SA PANG-ESTADO NA WRIT OF HABEAS CORPUS – MGA KRIMINAL NA PAGHATOL SA MGA PASILIDAD NG DETENSYON

---

*Disyembre 2017, Lat. #5605.08 - Tagalog*

## **Mga Nilalaman**

I. PAGHAHANDA NG PETISYON .....	1
II. PAGESASAMPA NG PETISYON .....	2
III. ANO ANG MAAASAHAN PAGKATAPOS MONG MAGSAMPA NG IYONG PETISYON PARA SA WRIT .....	2
IV. ANO ANG GAGAWIN KUNG TINANGGIHAN ANG PETISYON SA WRIT .....	3
V. MGA TAGUBILIN PARA SA (MC-275) PORMULARYO NG PETISYON SA WRIT .....	3
VI. MC-275 PORMULARYO NG PETISYON .....	KALAKIP A

Ang petisyon para sa Writ of Habeas Corpus ay isang makatwirang mabilis at madaling paraan upang pagpasyahin ang hukom sa isang isyu tungkol sa alinman sa iyong mga karapatan sa isang pang-estadong pasilidad ng detensyon (mga kondisyon ng pagkakulong) o sa legalidad ng iyong pagkakulong. Ang pormularyo at mga tagubilin ay para sa pagsampa ng isang Petisyon para sa Writ of Habeas Corpus sa mga korte ng estado sa California.

## **I. PAGHAHANDA NG PETISYON**

### **Pangkalahatang mga Pagsaalang-alang**

- 1) Basahin ang buong pormularyo ng petisyon at ang mga tagubiling ito bago sagutan ang pormularyo.
- 2) Sagutan ang pormularyo nang malinaw hangga't maari gamit ang itim na tinta, kung maaari, o sa pamamagitan ng pag-type ng iyong mga sagot. Huwag magmadali sa pagsagot ng pormularyo. Mas mabuti kung magsanay muna sa isang blangkong papel.
- 3) Kung walang sapat na patlang upang sagutan ang tanong, tapusin ang iyong (mga) sagot sa dagdag na (mga) pahina at ilakip ang mga ito sa likod ng pormularyo ng petisyon. Isulat sa pormularyo ng petisyon na ang iyong sagot ay "ipinapatuloy sa dagdag na (mga) pahina."
- 4) Maglakip ng mga kopya ng anumang mga dokumento na susuporta sa iyong paghahabol o kakailanganin ng korte upang maunawaan ang iyong paghahabol. Halimbawa, kung ikaw ay inilagay sa pagkakabukod nang walang sapat na mga dahilan, maaaring kang magsama ng mga kopya ng anumang mga reklamo na iyong isinampa. Mahalagang gawin ito dahil maaaring tanggihan ng korte ang iyong petisyon kung wala itong sapat na ebidensya.
- 5) Karaniwan, dapat mong "ginawa ang lahat ng iyong mga administratibong lunas" (tinapos ang proseso ng reklamo/pagdaing at pag-apela sa iyong lugar ng detensyon) bago maging handa ang korte na idinig ang iyong petisyon.
- 6) Walang gastos sa pagsampa para sa petisyon sa habeas corpus sa korte ng estado. Gayunpaman, maaaring kakailanganin mong

magbayad ng mga kabayaran kung magtalaga ang korte ng isang abogado upang kumatawan sa iyo, o kung ang isang ekspertong testigo ay kinakailangan. Mayroong pormularyo upang humiling ng pagkalibre sa mga kabayaran sa korte kung hindi mo kayang bayaran ang mga gastos ng ito.

## **II. PAGSASAMPA NG PETISYON**

Sa Kataas-taasang Hukuman (Superior Court), ang kailangan mo lang gawin ay ipadala ang orihinal sa clerk ng korte. Ipinapayo na magpadala ng pangalawang kopya kasama ng naselyohang sobre na may sariling address upang maibalik sa iyo ng korte ang natatakang kopya na nagpapakita ng numero ng kaso at kung kailan ito naisampa. Kung ikaw ay naghahamon ng isang kriminal na paghahatol at nagsasampa ng petisyon sa Kataas-taasang Korte, dapat kang magsampa sa county kung saan ginawa ang kautusan. Kung hinahamon mo ang mga kondisyon ng iyong pagkakulong at nagsasampa ng petisyon sa Kataas-taasang Korte, dapat kang magsampa sa county kung saan ka nakakulong. Sa lebel ng Korte ng Apela (Court of Appeal), kung walang kumakatawan sa iyo na abogado, kailangan mo lang magsampa ng orihinal, ngunit sa lebel ng Korte Suprema, dapat kang magsampa ng orihinal at sampung kopya.

## **III. ANO ANG MAAASAHAN PAGKATAPOS MONG MAGSAMPA NG IYONG PETISYON PARA SA WRIT**

Ang korte ay maaaring:

- Tanggihan ang petisyon. Ang mga posibleng dahilan ay dahil may nakaraang petisyon sa isyung ito na tinanggihan ng parehong korte, nabigo ang petisyon na ipakita na ang apela ay hindi sapat, o ang paghahabol ay walang kapararakan. Maaaring tanggihan ang petisyon nang walang anumang paliwanag.
- Maglabas ng kautusan na nagpapakita ng dahilan na nangangahulugan na itinuring ng korte ang iyong mga alegasyon na totoo at ikaw ay may karapatan sa lunas kung ang iyong mga alegasyon ay napatunayan. Subalit sa pagpapalabas ng kautusan upang ipakita ang dahilan, nagpapahintulot din ang korte ng ulat o tugon na isampa ng tao (pasilidad ng detensyon) na may kustodiya sa iyo upang salungatin ang iyong mga alegasyon. Ang kautusan

upang ipakita ang dahilan ay hindi nagkakaloob ng lunas na hiniling sa petisyon.

- Humiling ng impormal na tugon mula sa rumeresponde (pasilidad ng detensyon). Matapos repasuhin ang impormal na tugon, maaaring humiling ang korte ng karagdagang impormasyon, maglabas ng kautusan upang ipakita ang dahilan, o tanggihan ang petisyon.

Dapat makatanggap ka ng tugon mula sa korte sa loob ng 60 araw.

#### **IV. ANO ANG GAGAWIN KUNG TINANGGIHAN ANG PETISYON SA WRIT**

Kung tinanggihan ng Kataas-taasang Korte (Superior Court) ang iyong petisyon para sa writ of habeas corpus, maaari ka munang magsampa ng bagong petisyon para sa writ of habeas corpus sa Korte ng Apela (Court of Appeal) at kung tanggihan ng Korte ng Apela (Court of Appeal) ang petisyon, sa Korte Suprema (Supreme Court) ng California. Kung ang iyong petisyon sa Korte Suprema (Supreme Court) ng California ay tanggihan, hindi ka magsasampa ng abiso sa pag-apela – sa halip ay magsasampa ka ng bagong petisyon.

#### **V. MGA TAGUBILIN PARA SA (MC-275) PORMULARYO NG PETISYON SA WRIT**

Ang blangkong pormularyo ay maaaring makitang nakalakip sa pakete bilang Kalakip A at sa sumusunod na link:

<http://www.courts.ca.gov/documents/sc275.pdf>. Makatutulong na sumangguni dito kapag nagbabasa ng mga tagubiling ito.

##### **A. Mga Patlang sa Harap ng Pormularyo ng Petisyon**

- 1) Isulat ang **iyong pangalan at pangalan at address ng pasilidad** kung saan kasalukuyan kang nakakulong at iyong **numero ng ID**
- 2) Ang susunod na dalawang linya ay para sa **pangalan ng korte** kung saan ka magsasampa ng writ. Kung ikaw ay naghahamon ng isang kriminal na paghahatol at nagsasampa ng petisyon sa Kataas-taasang Korte (Superior Court), dapat kang magsampa sa county

kung saan ginawa ang kautusan. Kung hinahamon mo ang mga kondisyon ng iyong pagkakulong at nagsasampa ng petisyon sa Kataas-taasang Korte, dapat kang magsampa sa county kung saan ka nakakulong.

- 3) Ikaw ang **petisyoner** at ang **rumeresponde** ay ang pangalan ng ahensiya ng estado [Kagawaran ng Koreksyon ng California (California Department of Corrections) o Kagawaran ng Serip (Sheriff's Department)] na nagkulong sa iyo.
- 4) Iwanang blanko ang linya sa ilalim ng "**Petisyon para sa Writ of Habeas Corpus (Petition for Writ of Habeas Corpus)**". Isusulat ng clerk ng korte ang numero ng kaso para sa iyong writ (iba ito sa numero ng kaso na mayroon ka sa korte para sa iyong paghahatol).
- 5) Sa ilalim ng "**Ang petisyong ito ay nauukol sa (This petition concerns)**", piliin ang kahon na naaangkop o maaari mong i-tsek ang "iba (other)" at isulat ang alinman sa "mga kondisyon sa bilangguan (conditions in jail/prison)" "paglabag sa mga karapatan (rights violation)", "haba ng kriminal na paghahatol (length of criminal conviction)", atbp.

## **B. Nakanumerong mga Katanungan**

- 1) Isulat muli ang iyong pangalan at kung saan ka nakakulong. I-tsek ang "Kriminal na Paghahatol (Criminal Conviction)."
- 2) Sagutan ang "a" hanggang "i" nang tama hangga't maaari. Isulat ang huling pagsamo na iyong hinain at ang uri ng paglilitis na nagkaroon ka.
- 3) Para sa #6 at #7, isulat ang karapatan na sa tingin mo ay itinanggi o ang dahilan kung bakit sa tingin mo ay ilegal kang ikinulong. Magbigay ng mga sumusuportang katotohanan/kaso (kung alam).

Maliwanag na ilarawan ang **mga karapatan** na itinanggi sa iyo habang ikaw ay nakakulong, at ang **(mga) petsa** kung kailan ang (mga) paglabag na ito ay naganap. Maaari mong hamunin ang pagtanggì ng anumang karapatan na karapat-dapat ka sa ilalim ng pang-estado o pederal na batas (kasama ang konstitusyon, mga kaso ng korte, mga kautusan at administratibong regulasyon) o sa ilalim ng mga patakaran ng pasilidad

kung saan ka nakakulong. Maaaring kabilang sa katulad na mga karapatan ang karapatan sa access sa iyong mga ari-arian, ang karapatan na tumanggap ng mga bisita, ang karapatan na tumawag sa telepono at magpadala at tumanggap ng koreo, ang karapatan na hindi maihiwalay o hindi angkop o labis na pagpigil, etc. Ayon sa nakasaad sa itaas, makatutulong (ngunit hindi kinakailangan) para sa iyo na banggitin sa iyong petisyon ang numero ng kautusan, numero ng patakaran, pagsipi ng kaso, atbp. na gumagarantiya ng (mga) karapatang ito.

Karaniwan, maaari ka lamang magprotesta kapag ang mga karapatan ay **kasalukuyang** itinataggi sa iyo o kung mayroon kang ebidensiya na tatanggihan ka ng iyong mga karapatan **sa nakikinitang hinaharap**.

Ilista ang pinaniniwalaan mong mga dahilan ng iyong ilegal na pagkakulong.

- 4) Ang mga katanungan 8, 9 at 10 ay mahalaga kung hinahamon mo ang legalidad ng iyong pagkakulong. Sagutan kung naaangkop.
- 5) Ang katanungan 11 ay tungkol sa proseso ng reklamo o pagdaing sa loob ng pasilidad kung saan ka nakakulong. Karaniwan, dapat mong gawin (ubusin) ang lahat ng mga lebel ng reklamo o pagdaing bago magsampa ng petisyon para sa writ of habeas corpus.
- 6) Ang mga katanungan 12, 13, at 14 ay kaugnay sa nakaraang mga kahilingan para sa lunas mula sa iyong kasalukuyang pagkakulong. Kung nagsampa ka ng nasabing mga kahilingan, sagutan ang hinihinging impormasyon.
- 7) Ang katanungan 15 ay kaugnay sa kung nagkaroon ng pagkaantala simula nang sa tingin mo ay naging ilegal ang iyong sentensya at nagsampa ka ng kahilingan para sa writ.
- 8) Ang katanungan 16 at 17 ay kaugnay sa kasalukuyang mga kaso na mayroon ka at kung may abogado ka sa kasalukuyan.
- 9) Kung ikaw ay hindi nagsasampa sa Kataas-taasang Korte (Superior Court), ipaliwanag kung bakit hindi.
- 10) Lagyan ng petsa at pumirma sa ibaba ng pahina 6.

---

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami.

[\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

*Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*

# KALAKIP A

[I-click upang i-download ang Kalakip A bilang magagamit na pormularyo](#)  
o i-download ang PDF na bersyon ng lathalang ito upang makita ang mga  
kalakip bilang naka-scan na imahe.